

Impormasyon para sa Pinamamahalaang Pangangalaga para sa mga CA Policyholder

Salamat sa pagpili sa amin bilang iyong insurer para sa Kabayaran sa Manggagawa. Dagdag pa sa ligtas na saklaw, nagbibigay kami ng mga malawakang serbisyo bilang bahagi ng aming mga pagsisikap upang makamit ang ganap na kasiyahan ng mga customer. Upang mas maging pamilyar ka sa impormasyon at mga pamamaraan na kailangan mong malaman, binibigay namin ang mga sumusunod na mahahalagang materyales sa Kabayaran sa Manggagawa at Medical Provider Network (MPN, Network ng Medikal na Provider).

- Abiso sa Mga Empleyado - Mga Pinsalang Dulot Ng Trabaho (DWC 7) *
- Pamplet sa Pagkatanggap ng Trabaho sa wikang Ingles at Espanyol
- Form sa Paghahabol ng Kabayaran sa Manggagawa at Abiso sa Potensiyal na Pagiging Kwalipikado (DWC 1 at NOPE)
- Abiso ng MPN sa Empleyado sa wikang Ingles at Espanyol
- (Ang ID# ng MPN ay 2397, at ang Numero ng Telepono ng Medical Access Assistant ay: 1-844-752-1144.)
- On-line na Direktoryo ng Mga Provider sa Managed Care

*Ipaskil ang abiso (sa madaling makitang lokasyon na madalas puntahan ng mga empleyado sa araw ng trabaho).

Ayon sa California Labor Code (Kodigo sa Paggawa ng California), ang lahat ng mga employer ay kailangang magbigay sa kanilang empleyado ng form (DWC 1) sa Paghahabol ng Kabayaran sa Manggagawa sa California sa loob ng isang araw ng trabaho ng pagkatanggap ng abiso o pagkaalam ng pinsala.

PAGBIBIGAY NG MAHALAGANG IMPORMASYON SA KABAYARAN SA MANGGAGAWA

Siguruhing makompleto ang Abiso sa Mga Empleyado (DWC-7) at ipaskil sa madaling makitang lokasyon na madalas puntahan ng mga empleyado sa mga oras ng araw ng trabaho. Dapat makatanggap ng kopya ng Time-Of-Hire Pamphlet (available sa wikang Ingles at Espanyol) ang lahat ng mga empleyado.

PAGGAMIT NG MGA MATERYAL NG MPN

Binigay ang abiso ng MPN sa Empleyado para ma-i-download upang makapagbigay ka ng kopya sa napinsalang manggagawa sa oras ng pinsala o sa paglipat ng pangangalaga (Available ang bersiyon sa wikang Ingles at Espanyol at naglalaman ng impormasyon sa pakikipag-ugnayan para sa Medical Access Assistant – MAA.) Kung mayroon kang mga tanong, huwag mag-atubiling makipag-ugnayan sa aming tanggapan sa 1-800-673-2465 o csr@GUARD.com.

Ang impormasyon na ito ay nakalaan para sa mga policyholder na gumagamit ng pinamamahalaang pangangalaga; sa mga nasabing kaso, may kasamang sulat na naglalarawan ng kinakailangang impormasyon at mga mapagkukunan (kapareho sa pahinang ito) na kasama sa pakete ng polisiya.

PAGKUHA NG MGA KOPYA NG MGA CA FORM SA IBANG WIKA

Para sa iba pang mga form sa paghahabol sa California na maaaring kailangan sa ibang wika, mag-click dito.